



Buong Teksto

Istariray: Ang Bituing may Buntot

Isang Kuwentong Pampasko

Ang kuwento natin ngayon, “Istariray: Ang Bituing may Buntot”, mula sa librong, *12 Kuwentong Pampasko* na inilathala ng Tahanan Books, isinulat ni Rene O. Villanueva at babasahin para sa atin ni Mhir Delos Santos.

Nang unang lumitaw sa kalawakan si Istariray, nagtaasan ng kilay ang lahat ng bituin. Marami ang nalaglag ang panga sa pag tataka sa

kanyang hitsura. May maliit na buntot ang batang estrelya.

"Malas ang talang iyan!" ang husgang sabay-sabay na pumulandit sa bibig ng matatandang bituin.

Sabay-sabay nilang naisip ang mga trahedyang maaaring maganap. Bagyo. Baha. Lindol. Pagsabog ng bulkan. Pag-ulan ng abo. Tagtuyot. Taggutom. Pagkalat ng peste at malubhang sakit. Susun-susong giyera.

"Inaku-pu-u-u! Sumasapit na tayo sa wagas ng panahon."

Isa lang ang naging pasya ng lahat: Layuan ang bituing malas!

"Bakit po ayaw nilang makipag laro sa akin?" tanong ni Istariray sa kanyang inang si Aling Aurora.

"Hindi ka pa kasi nila kilala," pagkakaila ni Aling Aurora.

“Kung gayo’y makikipagkaibigan ako sa kanila,” sabi niya.

Tumakbo si Istariray; balak gugulatin ang isang kawan ng mga tala. Pero nagpulasan silang papalayo.

Uy! Nakikipagtaguan sila! Naisip ni Istariray. Kaya nagpatuloy siya sa pagbulaga sa iba pang mga tala.

Pero nakarating na siya hanggang sa dulo ng walang hanggan, wala pa rin siyang makita ni isang kaibigan.

Napagod pati ang Buwan sa haba ng kanyang nilalakbay.

"Ayaw nila sa iyo," pagtatapat ng Buwan. Parang pinagtakluban ng langit si Istariray. Nang mahawi ang ulap, ang mapait na kapalaran ay kanyang tinanggap.

"Daig ko pa ang bituing walang ningning," naawa sa sariling nasabi ng batang bituin.

Inalo si Istariray ng kanyang ina. "Paurong ang isip nila. Mapamahiin at palahusga. Ikaw ay naiiba. Ikaw na ang magpasensiya."

Inaliw ni Istariray ang sarili. Pinili niya na pansamantalang mapag-isa. Nagpalutang-lutang siya sa mga ulap na napansin niyang ang hugis ay nagiiba-iba. Pinagmasdan niya ang buwan. Kung minsan, hugis nito'y parang bilao. Kung minsan, parang pakwan. Binantayan din niya ang langit. Napansin niyang kahit kulay ng mukha nito'y nagbabago-bago. Matingkad na asul sa

umaga. Hinog na dalandan, kung araw ay nagpapaalam. Itim, kung gabing ang mga bitui'y matang mapupungay.

"Bawat bagay pala'y nagiiba-iba," sabi ni Istariray. "Kung gayon ay bakit kay hirap tanggapin ang mga tulad kong kaibang-kaiba?"

"Itanong mo sa buwan," ang bulong ng hangin.

Pero walang naitugon kahit na ang langit sa tanong na iyon.

Lingid kay Istariray, pahaba nang pahaba ang buntot niya habang palutang-lutang siya sa kalangitan. Mula sa malayo, buntot niya ay parang maningning na buhok na ang mga hibla'y gintong nakalugay.

Samantala, sa madilim na mundo ay may tatlong haring tuliro na sa paghahanap sa pook na sinilangan ng isang sanggol na sinasabing Hari ng mga hari.

Nagtatalo-talo ang tatlo. Sila ba'y kakanan, kakaliwa, o didiretso. Nagsisihan sila kung bakit nalimutan nilang magdala ng mapa. Maghahampasan na sana sila ng ginto, insenso, at mira nang bigla nilang matanaw si Istariray.

O talang may buntot

O talang maningning

Kami ay ihatid

Kami ay akayin

Sa Dakilang Sanggol

Na luwal ng Birhen

Ang anak ng Diyos-

Manunubos natin!

Aha! Naisip ni Istariray na pagkakataon na niya para patunayan sa lahat na siya'y hindi walis-tingting ng kamalasan.

Mula sa malayo'y natanaw ni Istariray ang isang ulilang sabsaban, sa singit ng isang bayang naliligid ng bundok. Naroon ang sanggol na Hesus ang pangalan. Kinikindatan siya at kina-kawayan, tila sinasabing "Ako ay tanglawan."

Dali-daling itinuro ni Istariray ang ginto niyang buntot sa direksyon ng sabsaban. Ang munting sabsaban ay biglang nagningning. Ang mga kabayo, baka, kalabaw, at kambing ay pawang nasilaw. Muntik na silang mapalundag sa gulat. Pero nang ngitian sila ng sanggol, natahimik ang lahat. Ang lahat ng hayop na nasa sabsaba'y nakuha sa kindat.

Nagdatingan sa sabsaban hindi lang ang talong hari na pawis na pawis. Pati mga pastol ay sumugod para magbigay galang sa anak ng Diyos. Lahat sila'y nakarating sa sabsaban sa tulong ng liwanag ni Istariray.

Patuloy sa pagkaway kay Istariray si Hesus na nangangati ang likod dahil natutusok-tusok ng tuyong dayami ang balabal na lampin. Kahit gusto nang matulog nina Mang Jose at Aling Maria, hindi sila makaugaga sa dami ng bisita. Kaway sila nang kaway at kamay nang kamay sa lahat ng dumalaw sa Meriyas.

Nakita ng iba pang bituin ang pagkaway kay Istariray ng Hari ng Langit. Nalaglag ang panga ng lahat sa hiya. Ang talang kanilang nilalait-lait, pinaguusapan sa buong daigdig.

"Bakit nagkaganoon? Ano ang nangyari?" ang tanong ng lahat. "Bakit naging bida ang bituing buntot ay singhaba ng saya?"

Nagkibit-balikat lang si Istariray. Kumukuti-kutitap at kumikindat-kindat. At saka pabulong, buong pakumbabang nagpasalamat sapagkat siya ngayo'y tanggap na ng lahat:

"Katulad po ninyo, ako'y isang bituin. Masuwerte lang ako, buntot ay maningning!"

Pinagkuhanan: Rene O. Villanueva, *A Child's Treasury of Philippine Christmas Stories*. Ilaw ng Tahanan Publishing Inc.

Kung nais mong makakuha ng copya ng istoryang ito, maaring umorder sa www.tahananbooks.ph.

Hanggang sa susunod na istorya!

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Neck
Why Cocks have Combs on their Head

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

Christmas Stories:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istariray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Sandaang Salaysay: Istariray: Ang Bituing may Buntot

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo
Ricardo Abad

Executive Producers

D Cortezano

Producer

John Robert Yam

Overall Sound Designer

Harold André Santos

Theme Music Composer

Jose Antonio P. Salvador

Musical Scorer and Instrumentalist

Jethro Nibatén

Episode Sound Designer

John Robert Yam
Nilo Beriarmente

Sound Engineers

Ivy Baggao

Talent Coordinator and Production Associate

Justine Ray Santos

Sound Design and Technical Team

Rey Sotto

Duane Ligot

Ralph Joseph Adarlo

Carlos Hombrebueno

Adriane Ungriano

Arielle Acosta

Logistical Support

Vannessa Reventar

Ross Du

Illustrator

Arielle Acosta

Brand Developers

Lazir Caluya

Dreamlist Digital

Web developers

Miriam R. Delos Santos

*Director, Office for Mission and Identity
(voice actor for the episode)*

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ. *Headmaster*

Pacita E. Hosaka *Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta *Principal*

Luis Allan B. Melosantos *Assistant Principal for Academic Affairs*